




## TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No. 2023-0003

Title Full Financial Risk Protection for Filipino Health Workers Infected with COVID-19 (Rev.1)

Tanong	Sagot
1. Bakit kailangan ng rebisyon para sa polisiyang ito?	<p>Inamyendahan ang naunang polisiya (PC 2022-0014) upang iayon sa Republic Act 11712 na kilala rin bilang “Public Health Emergency Benefits and Allowances for Health Care Workers Act”.</p> <p>Dahil dito, ang mga patakarang nakasaad ay magiging epektibo sa panahon ng public health emergency dahil sa COVID-19.</p>
2. Ano ang layunin ng rebisyon ng polisiyang ito?	<p>Layunin ng PhilHealth ang pagpapatuloy ng Full Financial Risk Protection para sa mga health worker kabilang ang lahat ng health care at non-health care workers na may kumpirmadong COVID-19 na nangangailangan ng admission sa pampubliko o pribadong ospital sa panahon ng idineklarang Public Health Emergency dahil sa COVID-19.</p>
3. Sino-sino ang saklaw ng polisiyang ito?	<p>Ang Circular na ito ay para sa lahat ng Filipinong health workers at non-health care workers na naospital dahil sa COVID-19, na nagbibigay ng serbisyo sa Pilipinas sa panahon ng Public Health Emergency dahil sa COVID-19.</p> <ul style="list-style-type: none"><li>• Pampubliko at pribadong medikal, administratibo, teknikal, at iba pang tauhan na nakatalaga sa mga ospital, health facility, laboratoryo, temporary treatment and monitoring facility, o vaccination sites.</li><li>• Kabilang din ang mga nanunungkulan sa pagtugon sa COVID-19 upang mabawasan at maiwasan ang pagkawala ng buhay alinsunod the National Action Plan Against COVID-19 strategy of prevention, detection, isolation, treatment, rehabilitation, and vaccination (PDITR+ Strategy).</li><li>• Ang mga outsourced na tauhan na tinanggap sa ilalim ng institusyonal o indibidwal na kontrata na nalantad sa COVID-19, o iba pang mga banta sa panahon ng public health emergency, ay kasama bilang mga non-health care worker sa ilalim ng batas na ito. Ang mga Barangay Health Workers (BHWs) na bahagi ng DOH National BHW registry system na nakatalaga sa mga pasilidad kabilang ang swabbing at vaccination sites at ang mga nagbibigay ng tulong medikal, gayundin ang mga nakatalaga sa barangay health-emergency response team o kanilang mga kahalili na</li></ul>

	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	<b>Circular No.</b>	<b>2023-0003</b>
	<b>Title</b>	<b><u>Full Financial Risk Protection for Filipino Health Workers Infected with COVID-19 (Rev.1)</u></b>

Tanong	Sagot
	<p>entity, ay kasama rin bilang mga manggagawa sa pangangalaga ng pangkalusugan.</p> <p>Samantala, bilang karagdagan sa pagma-manage ng COVID-19, kasama ang assessment sa mga indikasyon para sa hospitalization alinsunod sa umiiral na alituntunin.</p> <p>Nakasaad sa umiiral na guidelines na ang MILD COVID-19 ay isolation lamang at di kinakailangang ma-admit sa ospital. Ang mga claims ay susuriin batay sa existing guidelines</p>
<p><b>4. Ano-ano ang hindi saklaw ng polisiya ?</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>● Mga gamot na hindi nakalista sa Pambansang Pormularyo ng Pilipinas maliban kung nakasaad sa mga partikular na inisyu ng PhilHealth.</li> <li>● Mga teknolohiyang pangkalusugan na walang positibong rekomendasyon mula sa Health Technology Assessment Council (HTAC).</li> <li>● Ang mga amenity tulad ng suite room accommodation, private duty nurse, karagdagang unan at kumot, toiletries, non-healthcare related items, at iba pa ay hindi dapat sisingilin sa PhilHealth.</li> </ul>